REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 57**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PANGGANYAK O INSENTIBO SA HALAGANG ISANG LIBONG PISO (₱1,000.00) SA MGA ALAGAD NG BATAS (POLICEMEN) AT BANTAY-SUNOG (FIREMEN) NA NAKATALAGA SA BAYAN NG MUNTINLUPA NA NATAAS NG RANGGO O KATUNGKULAN.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagkakaloob ng insentibo sa mga alagad ng batas at bantay-sunog ng Bayan ng Muntinlupa ay bilang pagpapahalaga sa kanilang panunungkulan at pangangalaga sa katahimikan, kaayusan at kaligtasan ng buong pamayanan;

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng pangganyak o insentibo sa mga nagpapatupad ng batas/tagapamayapa at mga tauhan ng pamatay-sunog ay bilang pagkilala at pagpapahalaga sa pagkakataas sa tungkulin dahil sa matuwid at matapat na pagganap at pagtupad sa kanilang paninilbihan sa bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magkaloob ng halagang Isang Libong Piso (₱1,000) bilang insentibo sa mga tauhan ng pulisya at pamatay-sunog na nakatalaga sa Bayan ng Muntinlupa na nataas ng ranggo o katungkulan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't dalawang (32nd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-10 ng buwan ng Oktubre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Oktubre 10, 1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -

Kapasiyahan Bilang 57

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pan. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal